

HAPPINESS
(Chapter 1)

written by

Rex F. Luciano

based on the novel "Sa Lalangit Papatak Ang Ulan" by D.G
Salonga

© Rex Luciano 2020

rexluciano36@gmail.com
Rex Luciano
Nueva Ecija, Philippines

FADE IN:

1 INT. FIVE-STAR HOTEL/SAMPAGUITA ROOM - DAY 1

Establishing.

Sa pagpasok ng eksena ay maririnig ang mga hiyawan at kasiyahan ng mga kababaihan. Tayo ay pupunta sa:

2 INT. FIVE-STAR HOTEL/SAMPAGUITA ROOM - DAY 2

Nagcelebrate ang mga magkakaibigang sina Magda, Vienna, Daniela, Lotus at Almira. Si Almira, 27, dahil malapit ng ikasal si Almira. Ang mga kaibigan niya ay nagset ng celebration para sa nalalapit niyang kasal.

MAGDA

(Habang hawak ang isang kopita ng champagne na nakataas ang kamay)
Girls...girls.

ANGLE ON

Makikita si Magda, hawak ang isang kopita ng champagne.

MAGDA (CONT'D)

(happy)
Magpapakulong na si Almira. Iiwasan na tayo. Papasok na siya sa magulong daigdig. So, I suggest, let's give her a toast.

VIENNA

(Sisingit)
Okey, okey yan.

Sabay sunggab sa isang kopita.

VIENNA (CONT'D)

(proud)
Toast sa ating kaibigang paalis na.

Nagtoast sila.

ANGLE ON

Sisingit si Daniela sa eksena kasabay ng pag-agaw ng kopita kay Vienna, tapos:

DANIELA (CONT'D)
 (mariin na sigaw)
 Hoy, hoy, dapat malungkot tayo.
 Umiyak. Dahil ang kung baga, may
 aalis. May lalayo at maaaring di
 natin makita pa.

MEDIUM SHOT

DANIELA (CONT'D)
 Sabi ng lola ko, mas dapat daw
 iniyakan ang ikakasal kaysa
 namamatay, dahil ang ikakasal, hindi
 pa tiyak ang magiging kinabukasan at
 magsisimula na siyang magpasan ng
 anu-anong problema. Samantalang ang
 namatay, mananahimik na. Tapos na
 lahat ang problema,

Biglang sisingit si Lotus sa mala-dramang paliwanag ni
 Daniela.

LOTUS
 I disagree. Luma na yan. Obselete na,
 ang dapat magsaya, magdiwang, so
 let's give Almira a big, big toast,

Sinang-ayunan naman si Lotus ng lahat.

FADE TO:

3 INT. WEDDING RECEPTION/ALMIRA'S ROOM - DAY 3

Araw ng kasal ni Almira, bihis na bihis siya't hindi matigil
 sa pag-ikot sa harap ng salamin kung maganda ba ang kanyang
 suot o baka'y may kulang pa.

4 EXT. WEDDING RECEPTION - DAY 4

Di mapakali si Almira, kaya pinuntahan niya ang mga
 kaibigan.

ALMIRA
 Oy, kumain na muna kayo,

ANGLE ON

Makikita si Almira na inaaya ang mga kaibgan na kumain muna.

ALMIRA (CONT'D)
 Naida, Lotus, ano ba? Bahala na kayo
 ryan.

NAIDA

Oy, ikaw ang sumubo kahit na paano.

Si Almira ay halatadong kinakabahan.

NAIDA (CONT'D)

Ikaw ang halatang ninenerbiyos, eh.

CUT TO:

5 EXT. WEDDING RECEPTION - DAY 5

Sa simbahan naroon ang mga lalaking aabay. Makikisig sa kani-kanilang mga Barong. Nagkukuwentuhan. Naghihintay na lang ang oras. Ilang misa na ang natapos. Magtatapat ang kasal sa huling misa.

6 INT. WEDDING RECEPTION - DAY 6

Sinisimulan na ang misa. Panay ang sulyap nila sa oras.

7 EXT. WEDDING RECEPTION - DAY 7

WDIE ANGLE ON

Makikita ang mga taong naghihintay ng simula ng kasal.

GANI

(Kay Fernan)

Tanghali na, a?

ANGLE ON

Halatang inip na inip na si Fernan pero hindi halata.

FERNAN

Darating na ang mga iyon. Ngayon pa.

Halatang tense na din si Fernan pero hindi niya ito pinapahalata.

Smantala, dumating na si Ansel, ang mapapangasawa ni Almira, sakay ng kotseng papalapit sa simbahan.

JOE

O, ayan na pala si Ansel, e.

MEDIUM SHOT

Bababa si Ansel. Makisig. Nilapitan ang mga kaibigang abay sa kanyang kasal.

ANSEL

Guys, handa na ba kayo?

GANI

Kow, akala nga namin di ka na
darating at tatakbuhan mo si Almira,

Sabay tawa si Gani. Pumasok na sila sa simbahan. Nang makita sila ng sacristan, inayos na sila. Binilinan ng mga dapat gawin pagdating ng babaing ikakasal. Ipinuwesto na sila sa harap ng altar.

Saglit lang, dumating na rin si Almira. Kasama ang mga amiga niya. Kayganda ni Almira. Kung mamasdan para siyang artista. Tinginan ang mga tao. Nag-uuyuso.

WDIE ANGLE ON

Tahimik na tahimik lang si Ansel. Na kung mamasdan namumutla pa. Pinapawisan ng malamig. Ilang na ilang sa suot na Barong Tagalog. Alumpihit siya.

Sinimulan ang tugtuging pangkasal. Nagsimula ng lumakad si Almira, kasabay ng mga abay niya.

Bigla na lang napahawak si Ansel kay Gani. Nagulat si Gani. Napatingin sa kaibigan.

GANI (CONT'D)

(Kinakahan)

Bakit, Ansel?

Hindi na nakasagot si Ansel at bigla na lang itong bumagsak. Kung hindi naagapan ni Gani at ni Fernan, babagsak nang tuluyan sa semento si Ansel.

Napatakbo si Almira, napatakbo na rin ang mga abay niya.

ALMIRA

(Nag-aalala)

Ansel!? Ansel!?

Habang niyuyugyog si Ansel sa balikat.

INSERT SCENE

Makikita ang isang tao na bumubulong.

TAO 1

Pambihira, Ang alam ko, babae ang hinihimatay pag ganitong kasalan. Ito lalaki.

JUMP CUT TO:

8 EXT. WEDDING RECEPTION - DAY

8

Mabilis na humarurot ang mga kotse ng mga abay na lalake. Sunod-sunod sila. Nakasakay si Almira sa kotse na sinakyan ni Ansel. Halos kalong niyang parang bata si Ansel na putlang-putla.

Nang masdan niya ito, nakita ni Almira, may luhang umaagos sa pisngi ni Ansel. Niyakap niya ito.

ALMIRA

Ansel, please... please,

CUT TO:

9 INT. HOSPITAL - DAY

9

Agad-agad binuhat si Ansel sa tulong ng mga attendant. Isinakay sa stretcher at dinala sa emergency room. Naiwanan silang lahat sa lobby.

Awang-awa ang mga amiga ni Almira. Maging ang mga kaibigang lalaki. Hindi nila alam kung paano, kakausapin at aaluin si Almira.

Palakad-lakad ito. Nagdarasal. ang karanasang iyon, iba. Nagbabago. Na sa halio na maging masaya ang lahat, eto sila nag-iisip.

Bawat isa'y nagdarasal na sana'y walang nangyaring mabigat kay Ansel. Hindi nila alam kung gaano sila tatagal sa lobby. Palabas-labas ang mga lalaki.

Saglit pa, nakapakislot pa si Almira nang makitang lumabas mula sa emergency door ang isang duktor.

DUKTOR

Sino ho ang dapat kausapin?

Agad lumapit si Almira.

ALMIRA

Ako ho,

Halatang basag ang tinig.

DUKTOR

Doon ho tayo sa opisina ko.

Nagpatiuna ang duktor. Kumakabog ang dibdib ni Almira. Natatakot siya sa sasabihin ng duktor.

10 INT. DOCTOR'S OFFICE - SAME 10

Pinaupos siya nito. Tinitigan, lalong ninerbiyos si Almira.

DUKTOR

I understand your situation. But things like this happens,

Mahinahon at malamig na tinig ng duktor na alam ang damdamin ng kaharap.

DUKTOR (CONT'D)

Your husband-to-be, ay ilalagay sa I.C.U.

ALMIRA

I.C.U?

Lalong ninerbiyos si Almira ng todo. Lalong nag-alala.

ALMIRA (CONT'D)

Ganoon ho ba ka-grabe ang sitwasyon Duktur?

DUKTOR

I'm afraid yes. As of now, he needs rest.

ALMIRA

Ikakasal kami, duktor. Kasal namin ngayon.

DUKTOR

Yes, I know. Pero iyon ang dapat. At dapat maunawaan n'yo.

Sunod-sunod na paliwanag ng duktor.

DUKTOR (CONT'D)

Mahina ang kanyang puso.

Napayuko si Almira. Marami pang sinabi ang duktor. Maraming paliwanag. Pero lahat ng iyon ay hindi niya maintindihan.

FADE TO:

11 INT. HOSPITAL - DAY 11

Nang bumakas ang pinto, halos lahat sabay-sabay na napatingin ang magkakaibigan. Halos sabay-sabay din silang lumapit kay Almira na matamlay na palabas ng pinto patungo sa lobby.

ALMIRA

I'm sorry,

Tumulo ang luha ni Almira.

ALMIRA (CONT'D)

The wedding is postponed.

Bumigay na ang katatagan niya. Hindi na niya makaya. Ni isa, walang makapagsalita. Walang makakibo. Walang sinabi si Almira sa totoong kalagayan ni Ansel.

Isa-isa na silang nagsilabasan ng pinto ng hospital. Nagpaiwan na si Almira.

12 INT. HOSPITAL - DAY

12

Humahangos na dumating ang mga magulang ni Almira. Patakbong napayakap si Almira sa ina, sa ama para bang humihingi ng tulong. Wala ring masabi ang matatanda.

INA NI ALMIRA

Maintindihan ka namin, anak. Alam namin ang nangyari kay Ansel.

ALMIRA

Paano ninyo nalaman, Mama?

Tanong ni Almira sabay kalas sa yakap ng ina.

INA NI ALMIRA

Sa Parish Priest sa simbahan anak.

FADE TO:

BLACK

ROLL CREDITS:

"Based on the novel 'Sa Lalangit Papatak Ang Ulan'"

Producer:

Director:

Writer:

END.